7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 2: Aralin 3 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Development Team**

Writer/s:
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

Validator/s:
- Voltaire M. Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tuluyan) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipapamalas ang mga kasanayang pang-akademiko.**<br>a. Natutukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahalagang impormasyon.<br>b. Nagagamit nang buong husay ang mga mekaniks sa pagsulat (diksiyon, estilo, at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal).<br>c. Nakagagamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata.<br><br>**Nakapagsusuri ng mga Tekstong Ekspositori.**<br><br>a. Nakapagsusuri ng mga *memoirs, journals*, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na *brochure, menu,* resipe at listahan ng mga pamimili.<br>b. Natatalakay ang deskripsiyon ng nilalaman ng produkto at transkripsiyon ng talumpati<br><br>**Nakasusulat ng tekstong ekspositori na nagtataguyod ng Global na Pagkamamayan.**<br><br>a. Naipapahayag ang saloobin sa mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng pagsulat ng Tekstong Ekspositori<br>b. Nailalahad ang papel ng tektong ekspositori sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan, karapatang pantao at pangmatagalang kaunlaran (sustainable development) |
| **D. Nilalaman** | • Mga kasanayang pang-akademiko:<br><br>pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata) |

| | |
|---|---|
| | • Mga Tekstong Ekspositori<br><br>*memoirs, journals*, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe, listahan ng mga pamimili, at deskripsiyon ng nilalaman ng produkto at transkripsiyon ng talumpati). |
| **E. Integrasyon** | • Global na Edukasyon sa Pagkamamamayan<br>• Pagtatahip-Dunong sa Edukasyon<br>• Gender Advancement and Development |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8
- Ricarte, Artemio (1927) Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa mga Kastila https://www.oocities.org/valkyrie47no/ricarte.htm
- Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City.
- Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.
- Sining Lila (2014) "Sabon" ni Rica Palis . https://www.youtube.com/watch?v=A-v68pd1Z4k&t=42s
- World Report (2023) *Pilipinas Mga Pangyayari noong 2022* https://www.hrw.org/tl/world-report/2023/country-chapters/383633

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>1. Maikling Balik-aral<br><br>A. BANGKA NG PANGANGAYAW: Sa bawat layag ng bangka ay itala ang mga halimbawa ng tekstong ekspositori na natatandaan mo.<br><br><br><br>B. BUGTONG-AWITAN: Ibigay ang kasagutan matapos maawit ang sumusunod na bugtong. Ipaliwanag ang kasagutan.<br><br>1. Sa tono ng “Leron, Leron, Sinta<br><br>Nakatala ay ang mga pangyayari<br>Makikilala rin ang mga bayani<br>Ang saysay at aral nitong nakaraan<br>Ang siyang gabay natin sa kasalukuyan.<br><br>2. Sa tono ng “Atin Cu Pung Singsing”<br><br>May pinaghandaan, meron ding daglian<br>Pasalitang sambit nang maunawaan<br>Husay sa pagbigkas ang kinakailangan<br>Ng mga talata na may kabuluhan.</td><td>Unang Araw<br>Sa Pangangayaw ng mga ninuno nating Austronesian, nakukuha nila ang hangad na ginhawa, dangal, at pag- unlad ng buhay. Sa Bangka ng Pangangayaw, makikilala ang mga konseptong natatandaan ng mga mag-aaral mula sa mga nakaraang talakayan.<br><br>Hindi dapat mawala sa klasrum ang tradisyunal na kantahan upang basagin ang monopolyo ng mahabang diskurso. Sa Bugtong-Awitan, hindi lamang nababalik- aralan ang mga Awiting Bayan kundi napatatalas ang diwa sa pagsagot sa itinatatanong ng awit.</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Sa tono ng “Magtanim ay Di Biro”<br><br>Listahan ng rekado kapagka magluluto<br>Sa mga beterano ito ay saulado<br>Ngunit kung baguhan, maya’t maya tinitingnan<br>Upang sa putahe lahat ay masarapan.<br><br>4. Sa tono ng “Sitsiritsit”<br><br>Ang gabay sa paglalakbay<br>Waze sa cellphone ‘pag may wifi<br>Pag-aaral ng lokasyon<br>Kung saan ka naroroon.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Panghikayat na Gawain<br><br>TUKOY-SALITA: Tukuyin ang kung ano ang konseptong inilalarawan sa sumusunod na pahayag. Hanapin ang sagot sa puzzle at bilugan.<br><br>1. Isa itong paglalahad ng aktuwal na danas ng may-akda batay sa isang historikal na pangyayari.<br><br>2. Talaan ito ng mga mga sangkap at pamamaraan sa pagluluto ng isang putahe, kakanin o anomang lutuin.</td>
<td>Mga gawaing panghikayat.<br><br>Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral.<br>Gamiting modelo ang gawaing inihanda.</td>
</tr>
</table>

3. Naratibo ito tungkol sa mahahalagang pangyayari kaugnay sa isang lahi o bansa.

4. Isa itong maliit na magasin na nagpapakilala sa isang tao, produkto, serbisyo, paaralan, at iba pang bagay.

5. Tawag ito sa siyentipikong publikasyon na naglalaman ng mga pananaliksik at artikulong likha ng mga eksperto sa iba't ibang larangan.

---

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | G | A | N | G | A | Y | A | W |
| J | P | A | S | A | Y | S | A | Y | W | R |
| U | O | D | B | R | O | C | H | U | R | E |
| P | K | U | N | E | V | E | R | M | L | S |
| I | A | L | R | J | R | I | Z | A | L | I |
| T | L | A | T | N | I | I | Z | W | T | P |
| E | P | S | R | D | A | B | O | T | E | E |
| R | S | F | U | N | D | L | A | M | O | K |
| G | I | L | A | S | P | I | L | I | E | T |
| K | A | S | A | Y | S | A | Y | A | N | M |
| B | A | Y | B | A | Y | I | N | P | T | A |

Mga Sagot:

1. memoir
2. resipe
3. kasaysayan
4. brochure
5. journal

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Mga Halimbawa ng Tekstong Espositori<br><br>Ang **Tekstong Expositori** ay mga sulating nagbibigay ng impormasyon na may kinalaman sa Agham, Kasaysayan, at Agham Panlipunan. Ang layunin nito ay magbigay ng dagdag na kaalaman sa mambabasa kaugnay sa mga bunga ng pananaliksik, pagsusuri, pagluluto o anomang mahalagang paksa. Ilan sa mga pangunahing halimbawa ng Tekstong Ekspositori ay ang sumusunod:<br><br>1. *Journal* – publikasyon ito ng mga siyentipikong pananaliksik at pag-aaral na maaaring matagpuan sa onlayn o sa mga silid-aklatan. Ang mga *peer-reviewed journal* ay dumaan sa masusing pagsusuri ng mga dalubhasa bago mapahintulutang malathala. Kalimitang ang mga paksa ng artikulo ay may kauganayan sa kasaysayan, kultura, linggwistika, agham, matematika, at iba pa. Ang kabuuan ng artikulo sa *journal* ay mababasa sa *Abstrak* nito na nagpapakita ng kabuuan ng lagom ng pananaliksik.<br><br>2. Personal na Sanaysay – ito ay uri ng sanaysay na tumatalakay sa aktuwal na karanasan ng manunulat sa kaniyang buhay. Halimbawa nito ay ang "Anim na Sabado ng Beyblade" ni Ferdinand Pisigan Jarin na tumatalakay sa naging karanasan ng manunulat at ng anak niyang namatay sa kanser. Noong 2005 ay nagawagi ng Ikalawang Gantimpala ang sanaysay sa Don Carlos Palanca at naisalin sa English ni John Leihmar C. Toledo noong 2023 sa pamagat na "Six Saturdays of Beyblades and Other Essays" sa ilalim ng Penguin Random House SEA. Ilan pa sa halimbawa ng kalipunan ng mga Personal na Sanaysay ay "Connect the Dots" ni Genaro Gojo Cruz at ang "It's Raining Mens" ni Beverly Wico Siy.<br><br>3. Kasaysayan – paglalahad ito ng mga bagong konsepto o argumento hinggil sa mga impormasyong historikal. Ginagamit ang mga artikulo sa mga diskursong may kaugnayan sa Agham Panlipunan. Ilan sa mga halimbawa ay ang mga pampleto kaugnay sa Martial Law, Anti-Terror Law, at mga panukalang batas na ikinakampanya pa lamang sa publiko. | **Ikalawang Araw**<br>Ang bahaging ito ay pag- iisa-isa sa mga pangunahing uri ng Tekstong Ekspositori.<br><br>Maaaring magdagdag ang guro ng mga paliwanag at iba pang halimbawa. |

4. Heograpiya – nagbibigay ito ng impormasyon sa lokasyon ng isang lugar, pasyalan o parke at ng gabay kung papaano mararating ang nasabing lugar. Tinatalakay rin sa artikulo ang uri ng transportasyon na magagamit sakaling pupuntahan ang isang lugar pati na ang mga atraksiyon na matatagpuan dito.

5. Resipe – ito ang nagsisilbing talaan ng mga pamamaraan kung paano lulutuin ang isang uri ng ulam o putahe. Kasama sa listahan ang mga sangkap na kakailanganin na maaaring makatulong sa sinomang interesadong magluto.

| Bakit mahalaga ang mga tekstong ekspositori? | Ano ang ambag ng iba't ibang tekstong ekspositori sa pagpapalaganap ng impormasyon? |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

**TUKOY-GAMIT**: Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap at gamitin ito sa pagbuo ng bagong pangungusap.

1. Ang <u>heograpiya</u> sa *brochure* ay nagtataglay ng mapa ng isang lugar.

**Kahulugan:** ______________________________________________

**Pangungusap**: ____________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ang pamplet tungkol sa kasaysayan ay maaaring gamiting pagkukunan ng impormasyon.<br><br>**Kahulugan:** ______________________________<br><br>**Pangungusap**: ______________________________<br><br>3. Mababasa ang lagom ng isang artikulo sa *journal* sa pamamagitan ng abstrak ng pananaliksik.<br><br>**Kahulugan:** ______________________________<br><br>**Pangungusap**: ______________________________<br><br>4. Ang mahahalagang konsepto sa isang abstrak ay makikita sa mga susing salita.<br><br>**Kahulugan:** ______________________________<br><br>**Pangungusap**: ______________________________<br><br>5. Ang mga awiting Feminista ay magagamit sa pagtataguyod ng *Gender Advancement and Development* (GAD).<br><br>**Kahulugan:** ______________________________<br><br>**Pangungusap**: ______________________________ | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Kabuluhan ng Abstrak Bilang Lagom ng Journal**<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Patnubay na Tanong**: Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br><br>A. Ano ang pagkakaiba ng *journal* sa ibang mga sanaysay?<br>B. Bakit itinuturing na pananaliksik ang isang *journal*?<br>C. Paano nakatutulong ang pagsusuri sa *abstrak* sa pag-unawa sa artikulo ng isang *journal*?<br>D. Bakit mahalaga ang abstrak ng isa artikulo sa *journal*?<br><br>**PINATNUBAYANG PAGBASA:** Sama-samang basahin ang abstrak ng isang *journal*<br><br>**Pagtatahip-Dunong: Mga Awiting Feminista na Magagamit sa Pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan at Values Education Batay sa Matatag na Kurikulum**<br>Joel Costa Malabanan<br>**Abstrak**<br><br>Mayaman ang Pilipinas sa mga awiting nagtataguyod ng karapatan at pakikibaka ng mga kababaihan sa Lipunan. Ang awiting "Jocelynang Baliwag" na pinaniniwalaang nasulat noong 1896 ay tumatalakay sa pagpapahalaga sa babaeng si Josefina Lara Tiongson at naitala sa kasaysayan bilang kundiman ng pakikibaka laban sa mga Kastila (Hila, 1994) . Sa panahon naman ng pananakop ng mga Hapon pinaniniwalaang nasulat ang "Babaeng Walang Kibo" na naging popular sa pakikibaka ng mga Hukbalahap noong 1942 (Palis, 2018). Naging bahagi rin ang nasabing awit sa mga awit ng protesta sa panahon ng Batas Militar. Samantala, ang komposisyon na "Babae" ni Ramon Ayco na nasulat noong 1978 sa Cagayan Valley at inawit ng Inang Laya noong 1990 ang kinikilalang pangunahing awit na nagtataguyod ng konsepto ng Feminismo at maaaring magamit sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa hayskul dahil sa pagbanggit sa awit ng mga karakter na sina Maria Clara at Juli. | **Ikatlong Araw**<br><br>Ang nakatala ay ang abstrak ng artikulo sa isang *journal.* Mahalaga ang abstrak sapagkat ito ang lagom ng pananaliksik.<br><br>Ang mga susing-salita ay ang mga pangunahing konsepto na matatagpuan sa isang abstrak.<br><br>Para malathala ang isang pananaliksik sa isang respetadong *journal*, dumadaan ito sa masusing review ng mga dalubhasa sa isang paksa. |

Ilan pa sa mga awit na nagtataguyod ng karapatan ng mga kababaihan ay ang “Babae Ka” (1981) ni Anianas Montano, “Kasama” (1990) ni Gary Granada, “Lea” (1992) ni Rom Dongeto, “Babaylan” (1992) at “Bangon Maria (1992) ni Tony Palis , “Sabon” (1992) nina Joi Barrios at Rica Palis, “Wanted Pinay” (1993) ni Edward Perez, “Japayuki” (1996) nina Lester Demetrio, Edgardo Maranan at Karina David, “Martsa ng Kababaihan (2011) ng Sining Lila, “Magda” (2013) ni Gloc 9 at marami pang iba. Ang mga awit na nabanggit ay mainam gamitin sa pagtuturo bilang bahagi ng paggaganyak, pagtalakay sa paksa ng *gender equality* at maging sa *performance tasks* ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pedagohiya ng Pagtatahip-Dunong o ang paghihiwalay ng bigas (makabuluhang paksa) at mga bato at ipa (mga maling nakagisnan at kolonyal na sistema sa edukasyon), ang mga awiting Feminista, kapag nasuri at nailapat sa kompetensi ng K-10 Matatag na Kurikulum ay tiyak na makapag-aambag nang malaki sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip sa mga mag-aaral sa hayskul at sa pagtataguyod ng Gender Advancement and Development (GAD) kaugnay ng pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan at Values Education . Ito ang pangunahing layunin ng papel kasabay ng pagsusuri kung gaano nga katatag ang bagong kurikulum na iniunsad ng DepEd noong Agosto 10, 2023.

*Mga Susing Salita: Pagtatahip-Dunong, Awiting Feminista, Matatag na Kurikulum*

**A. TANONG-TUGON:** Magsaliksik sa internet upang masagot ang sumusunod. Isulat sa patlang sa loob ng kahon ang nasalikisik.

**Saliksik mo!**

| | |
|---|---|
| Ano ang ibig sabihin ng salitang Feminista? Ano ang ambag nila sa panitikang Pilipino? | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | \| Ano ang Pagtatahip-Dunong sa larangan ng edukasyon? \| ____ \|<br>\| Papaano nakatutulong ang mga Feministang awit sa pagtataguyod ng GAD? \| ____ \| | |

| | |
|---|---|
| Ano ang Pagtatahip-Dunong sa larangan ng edukasyon? | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Papaano nakatutulong ang mga Feministang awit sa pagtataguyod ng GAD? | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

**B. Dinig-Suri**

Saliksikin sa YouTube ang mga awit na binanggit sa Abstrak na binasa.

Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang mahalagang mensahe ng awiting “Sabon” ni Rica Palis sa pagtataguyod ng karapatan ng kababaihan?
2. Bakit mahalaga ang awiting Joceylinang Baliwag sa pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga Kastila?
3. Alin sa mga awit ni Gloc 9 ang tumatalakay sa kalagayan ng isang babae? Ano ang mahalagang mensahe ng awit?

**Ikaapat na Araw**

Ang mga awiting Feminista ay ang mga awit na tumatalakay at nagtataguyod ng karapatan ng mga kababaihan.

Isa itong uri ng Tekstong Ekspositori sapagkat natatalakay nito ang mga isyu tungkol sa mga kababaihan na hindi nakikita sa mga karaniwang awit.

| D. **Paglalahat** | **Layunin ng Pagsulat ng Tekstong Ekspositori sa GAD**<br><br>Ang konsepto ng Gender Adavancement and Development ay napalalaganap gamit ang mga tekstong ekspositori na nagpapahayag ng mga kalagayan at karapatan ng mga kababaihan sa Pilipinas at maging sa mundo. Ang mga pananaliksik at mga akdang pampanitikan na tungkol sa kalagayan ng mga kababaihan ay nagmumulat at nanggigising sa mga tao upang lalo pang maitaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa ating lipunan.<br><br>Nagsisilbing kampanya rin ang mga awit na tumatalakay sa pakikibaka ng mga kababaihan upang mapaunlad ang kanilang mga sarili bilang indibiduwal. Natatalakay rin ang mga pang-aabuso sa mga kababaihan at ang mga batas na nagpoprotekta sa kanilang karapatan gaya ng RA 7877 o Anti-sexual Harrassment Act, RA9995 o ang Anti- Voyeurism Act at RA 7610 o Anti-child Abuse.<br><br>Basahin ang teksto at pakinggan sa https://soundcloud.com/user-608094507/awitng-kababaihanmusika-at-titik-ni-joel-costa-malabanan<br><br>Awit sa Kababaihan<br>Musika at Teksto ni Joel Costa Malabanan<br>Inawit ni Maria Fae Fami<br><br>Ang sabi ng Aral ng Katipunan<br>Ang babae ay hindi dapat ituring na libangan<br>Bagkos ay katuwang sa hirap ng buhay<br>Alalahanin ang ina nagpakahirap<br>Alagaan ka sa iyong kasanggulan.<br><br>Pinatunayan maging ng kasaysayan<br>Ang papel ng mga Babaylan sa ating lipunan<br>Manggagamot, tagapayo at gabay<br>Hindi lang ina ang tungkulin ng kababaihan<br>Mandirigma sa apoy man ng digmaan<br><br>Kaya hindi lang ideya ng Kanluran<br>Na kilalanin ang aming karapatan<br>Bagkos ito'y supling ng katuwiran<br>Mahalin at palayain ang kababaihan | **Ikalimang Araw**<br><br>Mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto ng Patriyarkal na ugat ng pang-aabuso sa mga kababaihan. Kalimitang ang paniniwalang superyor ang lalake sa mga babae ang nagiging dahilan ng mga pang-aabuso.<br><br>Sa Kartilya ng Katipunan na isinulat ni Emilio Jacinto, isa sa mga aral na nabanggit ay "ang mga babae ay hindi dapat ituring na libangan bagkos ay katuwang sa hirap ng buhay. Palagi mong alalahanin ang iyong ina nag-alaga sa iyong kasanggulan.<br><br>Ngunit sa koridong "Ibong Adarna na tinalakay sa mga mag-aaral noong nakaraang taon, si Don Juan ay sabay na umibig sa dalawang babaeng sina Donya Leonora at Donya Maria Blanca. Ang pagiging babaero ni Don Juan ay patunay ng konsepto ng patriyarkal: ang lalake ang magiting at dekorasyon lamang ang |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| | Mula sa pang-aalipin ng kapital<br>Mula sa pang-aabusong sekswal<br>Mula sa idelohiyang patriyarkal<br>Atrasadong pananaw na sumasakal<br><br>Sa panahong itong laganap ang karahasan<br>Panggagahasa at mga pagpaslang<br>Buksan natin palagi ang isipan<br>Irespeto ang alinmang kasarian<br>Karapatan ng bawat tao'y igalang! | kababaihan.<br><br>Sa tekstong ekspositori, binabasag ang mga makalumang paniniwala upang maipaliwanag sa lahat na ang ang mga babae ay may karapatan din na dapat ipagtanggol. |
| **E. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>A. **Tukoy-Konsepto**. Batay sa halimbawang nakasaad ay isulat sa patlang kung anong uri ng Tekstong Ekspositori ang sumusunod.<br><br>_____ 1. Mga Sangkap: 3 kutsarang mantika, 1 kutsaritang bawang, 1 pirasong sibuyas, ½ kilong manok, ½ kilong hipon, 1 tasang toyo, ¼ kutsaritang paminta, 1 pirasong carrot, 1 tasang repolyo, ½ tasang bitsuelas, 2 tasang sabaw ng manok at ½ kilong bihon.<br>Paraan ng Pagluluto: Painitin ang mantika sa kawali at igisa ang bawang, sibuyas, manok at hipon. Timplahan. Idagdag ang mga gulay.<br>Sangkutsahin. Ibuhos ang sabaw. Pagkulo, ilagay ang bihon. Lutuin hanggang matuyo. Ihaing may kasamang patis at kalamansi. Handa nang kainin ang Pansit.<br><br>_____ 2. Bata pa lang ako ay mahilig na ako sa chess. Kung minsan ay maghapon kaming naglalaro ni Tatay. Di ko akalain na dahil sa larong ito, magiging varsity player ako sa kolehiyo. At ang aking kasintahan ay manlalaro rin ng ng chess. Ngayon, tinuturuan ko na ring maglaro ang aming dalawang anak. Chess ang laro ng aking pamilya.<br><br>_____ 3. Ang pananaliksik ay nakatuon sa pagsusuri sa apat na nobela ni Lualhati Bautista. Layunin ng pag-aaral na kilalanin ang papel ng mga kababaihan sa nobelang "Dekada 70", "Bata, Bata, Paano ka Ginawa", "Gapo" at | Mga Kasagutan:<br><br>1. resipe<br>2. Personal na sanaysay<br>3. journal<br>4. transkripsyon ng talumpati<br>5. brochure |

| | | |
|---|---|---|
| | "Desaparecidos". Sa pamamagitan ng pananaliksik ay nagiging malinaw ang konsepto ng Feminismo at kung paano ito naging bahagi ng Panitikang Pilipino.<br><br>_____4. Ipinahayag ni pangulong BBM ang kaniyang mga naging programa sa unang dalawang taon ng kanyang panunungkulan. Inilahad niya ang mga proyekto niya sa Agrikultura pati na rin ang kaniyang panghihikayat na makapag-imbita ng mga foreign investors sa bansa. Nabanggit din sa kaniyang talumpati ang mga nalikhang trabaho ng kaniyang gobyerno upang matulungan ang sambayanang Pilipino na makaahon sa kahirapan.<br><br>_____ 5. Ang Pro Deo Et Patria ay naiapatayo noong Setyembre 13, 1998 sa petsa ng kamatayan ng bayaning si Hen. Macario Sakay. Bilang pribadong paaralan, layunin nitong makapagbigay ng de-kalidad na edukasyong nakatuon sa malasakit sa bayan. Sa kasalukuyan, ang paaralan ay may 1,255 na mag-aaral mula elementarya hanggang hayskul at binubuo ng 35 guro. Nagbibigay rin ng scholarships ang paaralan para sa mga mahihirap na mag-aaral sa lalawigan. | |
| | **Gawaing Pambahay/Takdang-Aralin**<br><br>**TUON-SULAT**: Pagsulat ng Tekstong Ekspositori<br><br>Panuto: Magsaliksik tungkol sa Karapatan ng mga Kababaihan at LGBTQ+ at sumulat ng isang tekstong ekspositori gamit ang rubrik sa ibaba: | |

| Bibigyan ng Tuon | Pamantayan sa Pagmamarka | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Nagtataglay ng sampu o higit pang pangungusap at kinatatampukan ng mahusay na pananaliksik sa paksa. | | | | | |
| Balarila | Gumamit ng wastong bantas sa paglalahad at angkop na pamamaraan ng pagsulat. | | | | | |
| Pagkamalikhain | Nagamit nang buong husay ang mga natutuhan sa epektibong | | | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | pagsulat ng Tekstong Ekspositori. | | | | | |
| | Organisasyon ng Diwa | Maayos ang pagkakabuo ng mga kaisipan at madaling maunawaan. | | | | | |
| | Kabuang Marka | 17-20- Pinakamahusay<br>14-16- Mahusay<br>12-13- Di-Gaanong Mahusay<br>10-11- Kailangang Magsanay pa | | | | | |

| **F. Pagbuo ng Anotasyon**<br><br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginami na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. Maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay**<br><br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng mga gawain sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa pagtuklas sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Joel C. Malabanan | ***Sinuri ni:*** Dr. Voltaire M. Villanueva |
| ***Institusyon:*** Pamantasang Normal ng Pilipinas | ***Institusyon:*** Pamantasang Normal ng Pilipinas |